Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY
Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA)

BAGONG PILIPINAS

TROPICAL CYCLONE WARNING FOR AGRICULTURE

TCWA NO. 9 FINAL
TYPHOON "DOMENG" (JANGMI)
INILABAS 5:00 PM 01 HUNYO 2026

PARA SA PINAKALATEST UPDATE SA BAGYO BISITAHIN ANG: (https://bagong.pagasa.dost.gov.ph/tropical-cyclone-bulletin-iframe)

NAKALABAS NA NG PHILIPPINE AREA OF RESPONSIBILITY (PAR) ANG BAGYONG DOMENG

LOKASYON:	Kaninang 4:00 PM, ito ay nasa 795 km Hilagang silangan ng Itbayat, Batanes (Labas ng PAR)
COORDINATES:	
PAGKILOS:	Pa hilaga sa bilis na 15 km/h
TAGLAY NA LAKAS:	120 km/h malapit sa gitna
PAGBUGSO NG HANGIN:	150 km/h



Inihanda nina:
MGA / HGDE

Binigyang pansin:
MEVT

BABALA NG BAGYO

WALANG NAKATAAS NA BABALA NG BAGYO.

MALAKAS NA PAG-ULAN

DAMI NG ULAN	NGAYONG ARAW HANGGANG BUKAS NG HAPON (HUNYO 02)	BUKAS NG HAPON HANGGANG MIYERKULES NG HAPON (HUNYO 03)	MIYERKULES NG HAPON HANGGANG HUWEBES NG HAPON (HUNYO 04)	POSIBLENG EPEKTO
Napakalakas hanggang sa matinding pag-ulan (>200 mm)	--	--	--	• Inaasahan ang malawakang pagbaha at pagguho ng lupa
Malakas hanggang sa napakalakas na pag-ulan (100 - 200 mm)	--	--	--	• Posibleng magkaroon ng maraming pagbaha, lalo na sa mga urbanisadong lugar, mababababang lugar, o malapit sa mga ilog. • May posibilidad ng pagguho ng lupa sa mga lugar na may katamtaman hanggang sa mataas ang panganib.
Katamtaman hanggang sa malakas na pag-ulan (50 - 100 mm)	Zambales, Bataan, Cavite, Batangas at Occidental Mindoro,	Metro Manila, Zambales, Bataan, Bulacan, Pampanga, Cavite, Batangas, at Occidental Mindoro,	La Union, Pangasinan, Benguet, Zambales, Bataan, Tarlac, Bulacan at Pampanga	• Posibleng magkaroon ng mga localized na pagbaha, lalo na sa mga urbanisadong lugar, mababababang lugar, o malapit sa mga ilog. • May posibilidad ng pagguho ng lupa sa mga lugar na may mataas na panganib.

PAALALA: Inaasahan ang mas malakas na mga pag-ulan sa mga matataas ang mabundok na lugar. Sa ganitong kalagayan, posible ang pagbaha at pagguho ng lupa dulot ng mga pag-ulan, lalo na sa mga lugar na madalas na nakakaranas nito ayun sa mga hazard maps at sa mga lugar na nakaranas ng malalakas na pag-ulan noong mga nakalipas na mga araw.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Weather Advisory #11 na inilabas ng PAGASA kaninang 5:00 PM at ang 24-Hour Public Weather Forecast and Outlook na inilabas kaninang 4:00 PM.

MALAKAS NA HANGIN

Ang paglakas ng Habagat ay magdadala ng malalakas hanggang sa hagupit na bugso ng hangin sa mga sumusunod na lugar (lalo na sa mga baybaying-dagat at mga upland na lugar na nakalantad sa hangin):

NGAYONG ARAW	BUKAS (02 HUNYO)	MIYERKULES (03 Hunyo)
Batanes, Babuyan Islands, Metro Manila, CALABARZON, MIMAROPA, Rehiyon ng Bicol, Panay Island, at Negros Occidental.	Batanes, Babuyan Islands, Central Luzon, Metro Manila, CALABARZON, MIMAROPA, Camarines Norte, at Camarines Sur.	Rehiyon ng Ilocos, Benguet, Isabela, Quirino, Nueva Vizcaya, Central Luzon, Metro Manila, CALABARZON, MIMAROPA, Camarines Norte, Camarines Sur, Aklan, at Capiz.

PAALALA: Ang mga babala ng bagyo ay upang mabigyan ng babala ang lahat sa panganib na dulot ng hangin dahil sa bagyo. Ang mga lokal na hangin ay posibleng bahagyang mas malakas sa mga lugar malapit sa tabing-dagat o matataas at mabubundok na lugar. Mas mahina ang hangin sa mga lugar na hindi direktang tinatamaan nito.

MALAKAS NA PAG-ALON

Hanggang sa maalon na karagatan	**Hanggang sa 3.0 m:** hilagang baybayin ng Batanes
Hanggang sa katamtamang karagatan	**Hanggang sa 2.5 m:** Baybayin ng Isabela at Kalayaan Islands; natitirang baybayin ng Batanes; hilaga at silangang baybayin ng Babuyan Islands; hilagang silangang baybayin ng Aurora; silangang baybayin ng kalupaan ng Cagayan **Hanggang sa 2.0 m:** Hilagang baybayin ng Ilocos Norte, Camarines Norte, at Camarines Sur; hilaga at silangang baybayin ng Polillo Islands, Catanduanes, at Northern Samar; silangang baybayin ng Sorsogon at Eastern Samar.

PAALALA:

Maalon na karagatan: Pinapayuhan ang mga mandaragat na gumagamit ng maliliit na sasakyang pandagat, kasama na ang mga bangkang de motor, na huwag munang maglayag lalo na ang mga walang karanasan sa ganitong kondisyon o mga gumagamit ng mga sasakyan na may sira.

Katamtamang pag-alon ng karagatan: Pinapayuhan ang mga mandaragat na gumagamit ng mga bangkang de motor at iba pang kahalintulad na sasakyang pandagat na mag-ingat habang pumapalaot sa karagatan. Kung maaari ay umiwas muna sa ganitong kondisyon.

PAGKILOS NG BAGYO

- Dapat bigyang-diin na posible pa ding maranasan ang malalakas na pag-ulan, at malakas na hangin, sa ilang mga lugar na nasa labas ng inaasahang dadaanan ng bagyo at ng forecast confidence cone. Dagdag pa dito, maaari pang magbago ang tatahaking direksyon ng bagyo sa loob ng tinatayang saklaw ng forecast confidence cone.
- Patuloy na kikilos ang Typhoon DOMENG pa-hilaga hilagang silangan patungong katimugang Japan.
- Inaasahan ang tuloy-tuloy na paghina ng bagyong DOMENG habang kumikilos sa mas hindi favorable environment na kondisyon.

AGRI-PANAHON

LUGAR NG PAGTAYA	LAGAY NG PANAHON PANG-AGRIKULTURA	TEMPERATURA (^{0}C)		RH%	PAGKABASA NG DAHON (ORAS)
		Mababang Bukirin	Mataas na Bukirin		
Zambales, Bataan, Cavite, Batangas, at Occidental Mindoro	Paminsan-minsang pag-ulan	24 – 32	22 – 29	60 – 98	4 – 8
Metro Manila, Rehiyon ng Ilocos, Rehiyon ng Bicol, Western Visayas, natitirang bahagi ng Central Luzon natitirang bahagi ng CALABARZON, at natitirang bahagi ng MIMAROPA	Maulap na kalangitan na may kalat-kalat na pag-ulan at pagkidlat-pagkulog	23 – 33	21 – 31	65 – 98	4 – 8
Natitirang bahagi ng bansa	Bahagyang maulap hanggang sa maulap na kalangitan na may pulu-pulong mahinang pag-ulan	22 – 35	17 – 32	45 – 96	0 – 4

PAYONG PANSAKAHAN SA MGA LUGAR NA HINDI APEKTADO NG BAGYO

- Ipagpatuloy ang regular na pagmo-monitor sa pananim para sa maagang pagtukoy ng peste at sakit, lalo na kung may pabago-bagong kondisyon ng panahon.
- Ayusin at linisin ang mga kanal ng irigasyon at daluyan ng tubig upang masiguro ang maayos na suplay ng tubig at maiwasan ang pagbabara sakaling magkaroon ng biglaang pag-ulan.
- Isagawa ang pag-aani ng mga hinog na at handa nang ibenta o iprosesong ani upang maiwasan ang pagkalugi at masigurong maayos ang kalidad ng produkto.
- Magsagawa ng tamang pag-iimbak, pagpapatuyo, at pagproseso ng ani upang mapanatili ang kalidad at maiwasan ang pagkasira.
- Ihanda at i-maintain ang mga kagamitang pansakahan upang maging handa sa susunod na yugto ng produksyon o sa posibleng pagbabago ng panahon.
- Manatiling updated sa mga abiso at ulat ng panahon mula sa DOST-PAGASA at sa lokal na pamahalaan para sa maagap na paghahanda at tamang pagpapasya sa gawaing pansakahan.

Patuloy na mag-antabay sa mga updates at pagbabago ukol sa sama ng panahon.

Ang mga public and disaster risk reduction and management office **(PDRRMO)** na maaaring maapektuhan ay pinapayuhan na gumawa ng mga kaukulang hakbang para maprotektahan ang buhay at mga ari-arian. Ang mga nakatira sa mga lugar na maaaring maapektuhan ay pinapayuhang sumunod sa mga tagubilin ng mga namumuno sa inyong lugar. Para sa heavy rainfall warnings, thunderstorm/rainfall advisories, at iba pang severe weather information na para sa inyong lugar, palaging magbantay sa mga produktong ilalabas ng inyong lokal **PAGASA Regional Services Division.**